

David R Sweet



**PAANO
MAKAKAPUNTA
SA
LANGIT**

**Paano
Makapupunta Sa
Langit?**

David R. Sweet

Anong Daan ang Tinatahak Natin?

Ang daang patungong langit ay may mga sanga-sangang daan na maaaring magdala sa tao sa iba't-ibang patutunguhan: kapahamakan o buhay na walang hanggan. Subalit paano natin malalaman na ang daang tinatahak natin ay ang tamang daan? Lahat ba ng mga sangang daang ito ay patungo sa Ama? Paano natin masisigurong ang daang ating nilalakaran ay patungo sa buhay na walang hanggan?

Isang nakalulungkot na bagay ang maglakbay patungo sa isang paroroonan at pagdating doon ay malamang mali ang daang iyong tinahak. Iyong napagtanto na ang lugar na iyong pinatunguhan ay hindi ang lugar na nais mo talagang puntahan. Sa ganitong kalagayan, ikaw ay naliligaw ng landas.

Mayroong matandang kasabihang nagsasaad ng “*May daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito.*” (Kawikaan 14:12)

Madaling gumawa ng tamang desisyon sa daang ating lalakbayin kung may hawak tayong mga panuntunan o tamang direksyon na gagabay sa atin. Ayon sa isang kasabihan “Hindi makasakit sa iyo ang hindi mo alam” o “Ang kamangmangan ay mainam”.

Ngunit nalalayo ang mga kasabihang nabanggit sa katotohanang “ang kamangmangan ay nakamamatay”. Bilang halimbawa, isipin natin ang isang tao na walang kaalam-alam sa maaaring idulot ng pagsaksak ng isang metal na bagay sa outlet ng kuryente. Malamang ikagulat niya ang maaaring mangyari o kung hindi papalarin, maging dahilan ito ng kanyang kamatayan. Ngunit ayaw ng Diyos na manatili tayong walang alam. Isinulat Niya ang Kanyang planong pagliligtas sa atin sa Banal na Kasulatan upang malaman ng lahat ng tao, bata man o matanda.

Mahal ng Diyos ang bawat isa sa atin at nais Niya tayong makasama sa langit sa oras na iwan na natin ang buhay dito sa lupa. Sa kadahilanang ito, binigay niya sa atin ang tamang direksyon na magdadala sa atin sa piling Niya.

Subalit ang mga daang pinili ng tao ay lubhang malayo sa daang itinuturo ng Diyos.

Isaias 55:9 *“Kung paanong ang langit higit na mataas, mataas sa lupa, ang daa’t isip Ko’y hindi maabot ng inyong akala.”*

Sa libu-libong taong nagdaan, sinikap ng sangkatauhang maging kaaya-aya sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagsapi sa mga relihiyong naglalayong gumawa ng mabubuting bagay. Ang paniniwalang ito ay ibinabatay

lamang sa gawa kung saan bawat tao ay umaasang ang kanilang mga pinagpaguran ay maging katanggap-tanggap sa Dakilang Lumikha. Ang mga gawaing ito ay kinabibilangan ng pagtulong sa kapwa, pag-aayuno, pananalangin, paghahandog, at marami pang iba. Ngunit sa kabila ng mga gawaing ito, hindi pa rin nakatitiyak ang tao sa kanyang patutunguhan sa oras na siya ay mamatay.

Karamihan sa mga relihiyon ay nagsisilbing paraan lamang ng tao upang maging kaaya-aya sa paningin ng Diyos at nababatay lamang sa gawa. Nakatuon lamang ang pansin ng tao sa pag-gawa ng mga bagay na makapag-papatanggap sa kanya sa paningin ng Diyos, hindi sa kung ano ang ginawa ng Diyos para sa kanya.

Ano nga ba ang iniisip ng Diyos hinggil sa bagay na ito?

(Awit 24: 3,4)

“Sino ang marapat umahon sa burol

Sa burol ni Yahweh, sino ngang aahon?

Sinong papayagang pumasok sa templo, sinong tutulutang pumasok na tao?

Siya na malinis ang isip at buhay.

Na hindi sumamba sa diyus-diyusan;

Tapat sa pangako na binibitiwan.”

Ayon sa mga talatang iyon, upang maging makalangit at tumayo sa harap ng Diyos, kailangan nating magkaroon ng mabuting kamay at malinis na puso. Isang bagay na mahirap taglayin ng mga tao sapagkat lahat ay nagkasala sa Diyos. Ang pag-gawa ng mabubuting bagay ay hindi kailanman makapagbabago sa natural na makasalanang ugali ng mga tao.

Sinasabi ng Bibliya na walang sinuman ang makapapantay sa kabutihan ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang sariling mga gawa. Anumang ating ginagawa ay tila maruming basahan lamang sa paningin ng Ama.

Isaias 64:6

“Ang lahat sa ami’y pawang nagkasala, ang aming katulad kahit anong gawin ay duming di hamak.....”

.....

Roma 3:10

Ayon sa nasusulat:

“Walang matuwid, wala kahit isa.”

Walang sinuman sa atin ang makakaabot sa pamantayan ng Diyos sa pamamagitan lamang ng ating mga gawain. Kailangan natin ng tulong.

Salamat sa Diyos! Ibinigay na Niya ang tulong sa ating pangangailangan. Ibinigay na Niya ang Tagapagligtas. Isang taong magbabayad sa ating mga kasalanan.

Ilagay mo ang sarili mo sa ganitong pangyayari: Ikaw ay nahulog sa malalim na karagatan, nanghihina, walang kakayahang iligtas ang sarili, at lahat ng paraang ginagawa mo upang manatiling nakalutang sa tubig ay walang kabuluhan. Mayamaya, isang ingay ang iyong narinig. May paparating na grupo ng mga tao na magliligtas sa'yo. Nang dumating sila, inihagis sa iyo ang isang salbabida. Ano ang gagawin mo? Kung nais mong maligtas, mabilis mong hahawakan ang salbabida upang makalutang hanggang sa tuluyan ka nilang masagip.

Maaari din namang hindi mo tanggapin ang ibinibigay na salbabida at manatili sa pagnanais na iligtas ang sarili, sa pamamagitan ng iyong sariling pagsisikap. Unti-unti ka nang lumulubog sa tubig ngunit nananatili ka pa ring tumatanggi sa tulong na maaari mo namang tanggapin.

Ganyan ang mga taong umiiwas sa planong pagliligtas ng Diyos. Patuloy nilang tinatahak ang landas na patungo sa kamatayan. Sa isip nila ay patungo na sila sa langit dahil nakagawa na sila ng mabubuting bagay. Ngunit ang katotohana'y nakulong lamang sila sa relihiyong nag-uutos sa

kanila na maging katanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng mga ritwal, pag-aalay, pagsunod sa kautusan ng relihiyon, at iba pa. O maaari namang ang iba ay sumuko na lang sa pagsisikap na hanapin ang daan patungong langit sa paniniwalang hindi sila kailanman magiging karapat-dapat na makatanggap ng kaligtasan.

Walang sinuman ang magiging katanggap-tanggap sa Ama sa pamamagitan ng kanilang sariling mga gawa. Lahat tayo ay kinakailangang lumapit sa Diyos sa Kanyang paraan, sa pamamagitan ng isang Tagapagligtas, isang Tagapamagitan na sa kabilang kamay ay kumakatawan sa sangkatauhan at sa kabilang kamay naman ay nakatutugon sa pamantayan, kabutihan at kabanalan ng Diyos: “100% God and 100% man.”

1 Timoteo 2: 5, 6

“Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Hesus na naghandog ng kanyang buhay upang tubusin ang lahat. Siya ang katunayan ng banal na layunin ng Diyos at nahayag sa takdang panahon.”

Ang ganap na plano ng Diyos upang magkaroon tayo ng kaligtasan ay sa pamamagitan ng Kanyang sariling Anak na

magbibigay sa atin ng katiyakan sa buhay na kasama Siya sa langit.

Sinumang makasalanang tao ay di makababayad sa kanyang pagkakaalipin sa walang hanggang kamatayan. Isinugo ng Diyos ang Kanyang sariling Anak, si Hesus, bilang kabayaran sa ating mga kasalanan. Nabuhay Siya nang walang kasalanan. Tinukso rin ng Demonyo tulad ng panunuksong ginagawa sa atin, subalit nanatiling malinis sa harapan ng Diyos. Naging kasalanan Siya para sa atin. Iniari Niyang sariling kasalanan ang ating mga kasalanan. Dahil dito, napahiwalay Siya sa Diyos, ipinako sa krus at naparoon sa impierno upang pagbayaran ang ating mga kasalanan. Nang mabayaran ang ating mga kasalanan, Siya'y nabuhay na muli upang ang lahat ng tumanggap sa Kanya ay mabuhay na kasama Niya, magkaroon ng karapatan na maging anak ng Diyos at tagapagmanang tulad Niya, tagapagmana ng kaligtasan at ng kalangitan. Siya ang naging kapalit natin nang binayaran Niya ang ating mga pagkakasala.

John 1: 29

“.....Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!”

Saan tayo Mamamalagi?

Ilang taon na nakararaan, ako at ang aking asawa ay nagplanong dumalo sa isang ‘*conference*.’ Bago kami umalis, nagpareserba kami ng aming matutuluyan. Simula noon, aming napagtanto kung gaano kahalaga ang isaalang-alang ang iyong matutuluyan kung ikaw ay mangingibang-bayan. Pagdating namin sa Hotel, ipinagbigay-alam sa amin na hindi pa handa ang silid. Aming itinanong kung maaaring mahiram ang susi upang kahit paano ay masilayan ang silid na tutuluyan. Subalit kami ay nanlumo sa iniwang basang higaan ng naunang tumuloy sa silid, nilisan namin ang hotel at humanap ng ibang matutuluyan. Ganun kahalaga ang pagpili ng pansamantalang matutuluyan dito sa lupa. Ano pa kaya ang pag-papasiya sa iyong titirhan pagkatapos ng buhay dito sa lupa?

May mga taong nagbibiro tungkol sa pagpunta sa dagat-dagatang apoy. Iniisip nila ang pagtungo roon ay isang kasiyahan kung saan makakasama nila ang mga taong lagi nilang nakakasalamuha sa araw-araw na buhay dito sa lupa. Ngunit sinasabi ng Bibliya na hindi ito ang katotohanan. Isinasalarawan nito ang impiyerno bilang isang lugar ng walang-katapusang pagdurusa kung saan habangbuhay kang mananangis at magngangalit ang kanilang ngipin. (Mateo 8:12). Subalit sa kabilang banda, ang langit ay isang lugar na

hindi maipaliwanag na katahimikan at kagandahan, punung-puno ng kaligayahan sa piling ng Diyos, at panghabambuhay na kasiyahan. (Awit 16:11)

Sa aklat ni Juan Kabanatang 14 talatang 2, sinabi ni Hesus sa Kanyang mga alagad na sa bahay ng Kanyang Ama sa langit, maraming mansiyon puno ng maraming silid para sa ating lahat. Kanyang isinaad na Siya ay buhat sa kalangitan at sa takdang panahon ay babalik doon upang ipaghanda tayo ng lugar na ating matutuluyan.

Isa sa mga alagad ni Hesus na nagngangalang Tomas ang nagtanong, *“Panginoon, hindi po namin alam kung saan Kayo patungo, at paano naming malalaman ang daan patungo doon?”*

Sumagot si Hesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa ama kundi sa pamamagitan ko. (Juan 14:6)

Isa lang tanging daan patungo sa kalangitan. Sinabi ni Hesus, “Ako ang Daan”.

Paano Tayo Makararating Doon?

Paano nga ba natin mahahanap ang “tamang daan” upang tayo ay maligtas din at makasigurong sa langit tayo mapupunta kapag tayo ay namatay?

Isang bilanggo ang nagsaad ng ganitong katanungan at naitala sa Bibliya sa Aklat ng Mga Gawa 16:30, *“Mga ginoo, ano po ang dapat kong gawin upang ako’y maligtas?”*. Ang sagot ay nasa talatang 31 *“Sumampalataya ka sa Panginoong Hesus at maliligtas ka – ikaw at ang iyong sambahayan.”* Sa talatang 32, ipinahayag *“At ang salita ng Panginoon ay ipinahayag nila sa kanya at sa lahat ng nasa kanyang bahay.”* Ipinahayag nila ang ebanghelyo sa bilanggo at sa kanyang pamilya. At ang ebanghelyo ng salita ng Diyos ay nangangahulugan ng *“mabuting balita”*. Ang inihandang kaligtasan ng Diyos ay totoo, simple, at madaling tanggapin. Wala tayong kailangang gawing anuman kundi tanggapin lamang ang handog na kaligtasan.

Efeso 2: 8, 9

“Dahil sa kagandahang loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo. At ang kaligtasang ito ay kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo. Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya’t walang dapat ipagmalaki ang sinuman.”

Ang kaligtasan ay tinatanggap bilang handog hindi bilang kabayaran sa mabubuting gawain at serbisyo sa kapwa. Inihandog ng Diyos ang kaligtasan dahil mahal Niya tayo, hindi sa kung anumang bagay na ating nagawa.

Roma 1:16

“Hindi ko ikinahihiya ang Mabuting Balita tungkol kay Cristo, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos na ikaliligtas ng bawat mananampalataya.....”

Ito ang Iyong Pagkakataon

Ang kapangyarihan ng Diyos ay nakalaan para sa lahat ng naniniwala sa Kanya. Ito ay nangangahulugan na bawat isa sa atin ay may pananagutan na tanggapin ang kung ano man ang inilaan ng Diyos para sa atin. Ito ay para lamang isang laro “checkers.” Lumipas na ang pagkakataon ng Diyos 2,000 taon na ang nakakaraan nang ibigay Niya ang Kanyang Anak na si HesuKristo upang ihanda ang daan pabalik sa Ama.

Mahal ka ng Diyos at nais niya na makipagugnay sa iyo kung saan Siya ang Ama at ikaw ay anak, hindi isang relihiyon. Ngayon ang pagkakataon upang tanggapin mo ang handog ng Diyos. Binigyan tayo ng Diyos ng karapatang gumawa ng pagpapasiya at kapangyarihang pumili ng daang ating tatahakin. Ang pagpapasyang sundin ang Kanyang daan ay nasasaiyo na. Ito na ang panahon upang pumili ka ng panghabambuhay na tahanan pagkatapos ng buhay mo dito sa lupa.

1 Corinto 2:9

Ganito ang sinasabi ng Kasulatan,

“Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao ang inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa Kanya.”

Mahal ka ng Diyos at ninanais Niya lamang ang lahat ng mabuti para sa iyo. Ngunit ito ay mangyayari lamang kung tumutugon ka sa Kanyang pagmamahal, sa pananampalataya, paniniwala, at pagtanggap sa Kanyang mga pangako, at makakamit mo ang lahat ng pagpapala na inihanda Niya para sa iyo. Binigyan tayo ng karapatan, ng isang pagkakataon, upang piliin ang ating kapalaran- ang tanggapin o hindi si Hesus bilang ating Panginoon at tagapagligtas.

Minsan, mahirap para sa atin ang maunawaan ang kabutihan at kadakilaan ng Diyos.

Juan 3:16

“Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

Kung nais mong magkaroon ng kasiguruhan sa iyong magiging tahanan sa kabilang buhay, ngayon na ang iyong pagkakataon. Huwag kang pahuhuli.

Sinasabi ng Bibliya sa 2 Corinto 6: 2 “...sa kaukulang panahon ay pinakinggan kita. Sa araw ng pagliligtas, sinaklolohan kita”.

Huli na ang lahat sa panahong lisanin mo na ang mundong ito.

Sino ang Puwedeng Maligtas

Roma 10:13

“Sapagkat sinasabi sa Kasulatan, “Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon.”

Kahit Sino ay maaaring maligtas at nabibilang ka doon.

Ano ang kailangan mong gawin?

Roma 10:9,10

“Kung ipapahayag ng iyong mga labi na si Hesus ay Panginoon at mananalig ka ng buong puso na Siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat nananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo’y napapawalang sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang mga labi at sa gayo’y naliligtas.”

Habang binabasa mo ang talata, maari mong isiping, “Kailangan ko ng Tagapagligtas subalit marami akong nagawang masama, tatanggapin pa kaya ako ng Diyos?”.

Hindi mahalaga kung ano na ang nagawa mo sa iyong buhay o kung gaano ka naging masama. Mahal ka ng Diyos at namatay si Hesus para sa iyo.

Sinabi ni Hesus sa Juan 6:37”..*At hindi Ko itataboy ang sinumang lumapit sa Akin.*” Hindi itatakwil ni Hesus ang sinuman. Hindi lamang Niya binayaran ang iyong mga kasalanan, gaano man ito karami, kundi ang kasalanan ng buong mundo.

Mahal na mahal ka ni Hesus at ilalaan Niya ang Kanyang buhay kahit tanging ikaw lamang ang kaisa-isang tatanggap sa Kanya. Bibigyan ka ni Hesus ng kapatawaran, bagong buhay na walang hanggan.

Ngayon na ang Tamang Panahon

Sabihin mo ang panalanging ito ng buong puso. Ipagtapat mo sa Diyos ang iyong pananampalataya. Ngayon ang panahon ng pagtanggap, ngayon ang araw ng kaligtasan.

Atin na ngayong bigkasin ang mga sumusunod na panalangin mula sa ating puso:

“Diyos Amang nasa langit, akin pong naunawaan na hindi ako kailanman maliligtas sa aking pansariling pagsisikap

lamang. At ngayon, tinatanggap ko po ang inyong handog na Tagapagligtas, si HesuKristo. Naniniwala po ako na namatay si Hesus para sa akin, nagdusa, at binayaran ang aking mga kasalanan. Naniniwala din po ako na nabuhay muli si Hesus upang ako ay magkaroon ng bagong buhay, isang buhay na walang hanggan.”

Hesus, tinatanggap Kita bilang aking Panginoon at Tagapagligtas.

Nagpapasalamat ako sa Kaligtasang iyong handog. Nagpapasalamat ako na napatawad na ang aking mga kasalanan at nagkaron na ako ng bagong buhay na kasama ang Diyos Ama. Ngayon, taglay ko na ang buhay na walang hanggan at makakasama na Kita sa Kalangitan sa oras na ako ay mamatay.

Amen.

Kung binigkas mo na ang panalangin na taos sa iyong puso, nagawa mo na ang pinakamahalagang pagpapasiya sa buhay mo. Ikaw ngayon ay tumatahak na sa daang itinuro ng Diyos patungo sa langit.

Ang Iyong Bukas, Layunin at Kapalaran

Sinasabi ng Bibliya sa 2 Corinto 5:17 *“Kaya’t ang sinumang nakipag-isa kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao: siya’y bago na.”*

Lahat ng iyong kasalanan ay napatawad na. Ang iyong makasalanang ugali ay napalitan na ng maka-Diyos na pag-uugali. Ang bagong buhay mo sa Diyos ay nagsimula na. May lugar nang nakahanda para sa iyo sa langit.

Ito ang sinasabi ng Diyos sa Juan 3:3,7 *“Sinasabi ko sa inyo: maliban na ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita and kaharian ng Diyos.” Huwag kayong magtaka sa sinabi ko sa inyo, ‘Lahat ay kailangang ipanganak na muli.’”*

Isa ka nang bagong anak ng Diyos – isang Kristiyano. Pasimulan mong basahin ang Bibliya sa Bagong Tipan. Ang Bibliya ay Aklat ng Diyos. Hindi lang nito binabanggit ang daan patungo sa langit. Ito ay aklat na makatutulong sa bawat anyo ng iyong buhay.

Hilingin mo sa Diyos na dalhin ka sa isang Kristiyanong Simbahan kung saan ka lalago at uunlad tungo sa pamumuhay Kristiyano na ninanais ng Diyos. Mayroon ka nang kinabukasan ngayon, isang layunin, at dakilang kapalaran.

Sinabi ni Hesus sa Juan 10:10... *“Naparito ako upang ang mga tupa’y magkaroon ng buhay - isang buhay na ganap at kasiya-siya.”*

Habang inilalaan mo ang iyong oras sa Diyos at sa Kaniyang mga salita, gagabayan ka ng Banal na Espiritu at ikaw ay makararanas ng masaganang buhay na binayaran ni Hesus para sa iyo.

Umaasa akong magkikita tayo sa ating tahanan sa langit.

Pagpalain ka ng Diyos.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o nais na
makakuha ng mas maraming

Impormasyon, sumulat sa amin sa sumusunod na address:

© Abundant Life Ministries Network

PO Box 3156

Sunnybank South QLD 4109

Email: almn@bigpond.net.au